



GABAY SA PAGTATANIM NG ORGANIKONG REPOLYO



PANGANGAILANGAN SA LUPA AT KLIMA

Maaaring itanim ang repolyo sa lupang mabanlik na sagana sa organikong bagay at parating may tubig. Ang pH ng lupa na 5.5-6.8 ay mainam dito. Iwasang itanim ito sa lupang masyadong maasim. Angkop ang malamig na panahon na may temperaturang 15-20°C sa pagtatanim nito.

PAGPILI NG BINHI

Ang mga binhing maaaring itanim sa organikong pamamaraan ay ang *Ace Green*, *Luck Ball*, *Rare Ball*, at *Scorpio*.



PAGHAHANDA NG LUPANG TANIMAN

Linisin at ihanda ang taniman. Araruhin at suyurin o'di kaya'y gumamit ng traktor. Gumawa ng mga kamang taniman na may lapad na 1 m at haba na 5 o 10 m depende sa laki ng taniman.



Ang repolyo (*Brassica oleracea var. capitata L.*) ay itinanim para sa mga dahon nito na mabuting mapagkukunan ng bitamina C, *calcium*, *folate*, at *potassium*. Napag-alamang ang malimit na pagkain nito ay makakatulong upang labanan ang mga sakit gaya ng kanser. Bukod pa dito, nakakababa din ito ng kolesterol. Madalas itong niluluto ngunit makakain din ng hilaw bilang salad. Sa Pilipinas, nangunguna ang Rehiyon ng Cordillera sa pagtatanim ng repolyo dahil sa malamig nitong klima.



PAGPUPUNLA

Ipunla ang mga buto sa *seedling tray* na may *vermicompost*. Maglagay ng 2-3 buto bawat butas at diligan. Ilagay ang mga tray sa lilim o *greenhouse*. Diligan ang mga ito ng isang beses sa 1 araw sa loob ng 3 araw. Bawasan ang dalas ng pagdidilig at painitan ang mga punla 7-10 araw bago ilipat-tanim.



PAGLILIPAT-TANIM

Maaari ng ilipat-tanim ang mga punla 1 buwan pagkasibol. Itanim ang mga ito sa pagitan na 30 cm x 30 xm. Gawin ito nang maaga o sa dapit-hapon. Marahang bunutin ang mga punla mula sa tray kasama ang pinagtam nang *vermicompost* at itanim sa kamang taniman sa lalim na 3 cm. Takpan ang mga butas/tundos ng lupa at bahagyang diinan ang palibot ng bawat punla. Maghulip 5-7 na araw pagkalipat-tanim.



PARA SA KARAGDAGANG IMPORMASYON:

Mag-text sa PhilRice text center 0920-911-1398

Bisitahin ang Pinoy Rice Knowledge Bank www.pinoyrice.com
rice_matters (twitter) | rice.matters (facebook)





PANGANGALAGA

Haluan ng *compost* (2.5 kg kada 5 m²) ang taniman 3-5 na araw bago maglipat-tanim. Dagdagan ito sa parehong dami pagkalipas ng 25-30 araw mula sa araw ng paglilipat-tanim kasabay ng bahagyang pagtataas ng lupa upang matakpan ang organikong pataba. Obserbahan ang mga halaman pagkatapos ng 30 araw at magdagdag ulit ng parehong dami kung kinakailangan.

Diligan araw-araw ang mga halaman hanggang sa makakapit ang mga ito nang maigi sa lupa. Gawing 2-3 beses kada linggo ang pagdidilig pagkatapos nito. Kung tag-ulan, gumawa ng mga kanal upang hindi tigilan ng tubig ang taniman.

Gawin ang unang pagdadamo 1-2 linggo pagkalipat-tanim. Ipagpatuloy ito depende sa dami ng mga damo.



PAMAMAHALA SA SAKIT AT PESTE

Ang mga peste ng repolyo ay uod, paru-paro ng repolyo, *diamond back moth*, at *thrips*. Pulutin ang mga uod at magpatubig sa gabi gamit ang sprinkler upang maputol ang pagtatalik ng *diamond back moth*. Magtanim ng sibuyas, amarilyo, mais, *zinnia*, at *cosmos* sa paligid upang maitaboy ang mga ito at mapanatili ang dami ng mga kaibigang kulisap.

Pagkabulok, batik-batik sa bunga, at clubroot naman ang mga karaniwang sakit ng repolyo. Gumamit ng malinis at sertipikadong binhi at tanggalin ang mga halamang may sakit at sunugin o ilibing. Upang maiwasan ang *clubroot*, siguraduhing malinis ang lupang pagtatamnan pati ang organikong abono na ilalagay dito. Tiyakin din na malinis ang mga kagamitan at nang maiwasan ang pagkalat ng mga sakit.



Pagkabulok o head rot



Clubroot



PAG-ANI

Anihin ang repolyo 80-95 na araw pagkalipat-tanim o kung matigas na ang magkakapatong na dahon o ulo nito. Putulin sa tangkay ang buong ulo at tanggalin ang ilang matandang dahon. Mag-ani sa malamig at tuyong panahon upang maiwasan ang pagkabulok. Ilagay ang mga naaning repolyo sa kahon na plastic o kaing at itabi sa lugar na may lilim.

REFERENCES

Department of Agriculture, Forestry and Fisheries. Production guidelines for cabbage. Directorate Agricultural Information Services, Department of Agriculture, Forestry and Fisheries. South Africa. Petsa ng pagdownload: Setyembre 10, 2015 mula sa www.nda.agric.za/docs/Brochures/ProdGuideCabbage.pdf.

Roe M, Church S, Finglas- P. 2013. Nutrient analysis of fruit and vegetables: Analytical Report. Department of Health. UK. Petsa ng pagdownload: Setyembre 10, 2015 mula sa www.gov.uk.

Tad-awan BA, Basquial DA, Orlang J. Cabbage Organic Production Guide (Pulyeto). Benguet State University (BSU).

The George Mateljan Foundation. 2015. The world's healthiest foods: Cabbage. Petsa ng pagdownload: Setyembre 10, 2015 mula sa www.whfoods.com.

United States Department of Agriculture. 2015. USDA Germplasm Resources Information Network (GRIN). Taxon: *Brassica oleracea* L. var. *capitata* L. Petsa ng pagdownload: Setyembre 10, 2010 mula sa www.ars-grin.gov/cgi-bin/npgs/html/taxon.pl?7672

Ang mga impormasyon sa babasahing ito ay hindi pagmamay-ari ng PhilRice. Ang mga ito ay maaaring kinuha ng buo o isinalaysay sa sariling paliwanag mula sa pinaghalawan.

Ang *copyright* ay mananatili sa orihinal na pinaghalawan.



diamond backmoth



uod o cutworm